**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**MUNICIPALITY OF BALIUAG**
**PROVINCE OF BULACAN**

**BARANGAY TANGOS**

# OFFICE OF THE PUNONG BARANGAY

---

**SIPI MULA SA KAPASYAHAN NG NAKARAANG KATITIKAN NG PAGPUPULONG NG SANGUNIANG BARANGAY NG TANGOS NOONG IKA 11 NG OKTUBRE. 2008 DITO SA BULWAGANG PULUNGAN NG BARANGAY, GANAP NA IKA 8 NG GABI.**

**Mga dumalo:**

Bernardo B Gonzales…………Punong Barangay

Alfredo V Musni ………………Kagawad

Domingo M Lim……………….Kagawad

Dante L. Galang ………………Kagawad

Ruben M Ramos ………………Kagawad

Rowel SJ Mempin …………….Kagawad

Juanito L. Polintan ………….Kagawad

Jose V. Claudio ……………….Kagawad

**KAPASYAHAN BLG 21/2008**

**ISANG KAPASYAHAN NA NAGTATAKDA NG ALITUNTUNIN SA MGA NAGMAMAYARI O NAG AALAGA NG ANUMANG URI NG HAYOP, SA NASASAKUPAN NG BARANGAY.**

SAPAGKAT, Ang mga hayop na ito kung pagala gala sa nasasakupan ng Barangay ay magdudulot ng panganib sa mga resident eng Barangay,

SAPAGKAT, ang mga hayop na ito ay nakapipinsala sa mga ari ariang pribado o pampubliko sa barangay.

SAPAGKAT, ang mga nakakagala na mga hayop na ito ay nagkakalat ng dumi sa mga lansangan ng barangay.

SAPAGKAT, ito ay hindi kaaya aya sa paningin sa Barangay.

Kung Kayat sa mungkahi ni Kagawad ALFREDO MUSNI at pinangalawahan ni Kagawad Ruben Ramos.

IPINASIYA gaya ng Dito'y ipinasisiya na gumawa ng Ordinansa para sa mga nagmamay ari ng mga hayop na gumagala sa Barangay.

**KAUTUSANG PAMBARANGAY BLG 4 SERYE 2008**

May akda ; Kagawad Alfredo Musni

**ISANG KAUTUSAN NA NAGTATAKDA NG ALITUNTUNIN SA MGA NAGMAMAY ARI NG ANUMANG URI NG HAYOP SA NASASAKUPAN NG BARANGAY TANGOS, BALIWAG BULACAN.**

**Pangkat I- Kahulugan ng mga salita:**

a. Hayop – Anumang uri ng Hayop na inaalagaaan tulad ng aso, ,baka, kalabaw,baboy, Kambing
b. May ari- sinumang taong nag aalaga o nagpapakain ng anumang uri ng hayop sa kanyang bakuran.

Pangkat II. Tagapagpatupad-

Lahat ng tauhan at opisyales ng barangay o Sino mang tao o pangkat ng tao na maaaring pahintulutan ng pamunuan na gumanap sa pagpapatupad ng kautusang ito.

**Pangkat III. Alituntunin**

Ang mga may ari ng mga inaalagaang hayop ay inaatasang itali, ikulong at sinupin ang kanilang mga alagang hayop sa loob ng kanilang mga bakuran.

Ang mga may ari ng mga inaalagaang hayop na ito ay inuubligang linisin anumang dumi na ikakalat ng kanilang mga alagang hayop ( Tae) kung sakaling ito ay kanilang ilalabas, ibibiyahe o ipapastol. Anumang uri ng Hayop na gagala sa nasasakupan ng Barangay ay may karapatan ang Pamunuan o tao o grupo ng mga tao na aatasan ng Pamunuan sa pagpapatupad ng ordinasang ito.

Anumang pinsala na gagawin ng mga hayop na gumagala sa Barangay sa mga ari arian ng mga residente o sa mamamayan sa barangay ay babayaran o pananagutan ng nag mamay ari ng mga alagang hayop na ito.

**Pangkat IV; Kaparusahan sa Lalabag sa Alituntunin:**

Sino mang nag mamay ari ng mga alagang hayop na lalabag sa mga alituntunin sa Pangakat III ay papatawan ng multa na tulad ng sumusunod:

Malalaking Hayop tulad ng aso, kalabaw, baka, kambing

Unang Paglabag…………….P.200.00

Ikalawang Paglabag………… 500.00

Ikatlong Paglabag……………1,500.00 o pagkabilango ng hindi bababa sa isang araw at hindi lalagpas sa labin limang araw(15) o ayon sa pasya ng hukuman.

Bukod pa sa Itinakdang multa na ito ay Pagbabayarin ang nag mamay ari halagng P 200.00 para sa Impounding Fee at pagkain ng hayop na huhulihin ng Barangay.

**Pangkat V**.- Pagsusugnay:-

Ang anumang Kautusang Bayan o kapasyahan at anumang kautusang Pambarangay na hindi naaayon sa mga pagtatakda ng kautusang ito ay pinawawalang bisa o sinusususugan ayon sa mga panuntunan ng kautusang ito.

PINAGTIBAY:

ALFREDO L GONZALES

Kalihim

BERNARDO B GONZALES

Punong Barangay

Kagawad:

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
MUNICIPALITY OF BALIUAG
PROVINCE OF BULACAN

BARANGAY TANGOS

# OFFICE OF THE PUNONG BARANGAY

| | |
|---|---|
| ALFREDO V. MUSNI | DOMINGO M LIM |
| RUBEN M.RAMOS | DANTE L GALANG |
| ROWEL SJ MEMPIN | JUANITO L, POLINTAN |
| JOSE V CLAUDIO | DONNALIZA BALTAZAR<br>Sk Chairman |

| | |
|---|---|
| TERESITA NACIONAL<br>Magulang | LENIE N. ONO<br>Kapatid |

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
MUNICIPALITY OF BALIUAG
PROVINCE OF BULACAN

BARANGAY TANGOS

**OFFICE OF THE PUNONG BARANGAY**

PATOTOO:

BERNARDO B GONZALES
Punong BArangay